

Isang interpreter para sa yoong mga pasyente sa serbisyo ng kalusugan

– Karapatan sa impormasyon sa iyong wika

IS-1976

Tolk for deg som er pasient i helsetjenesten
Språk: Filipino



Ang mabuting impormasyon at diyalogo ay mahalaga para sa iyo upang makuha ang wastong tulong at paggamot. Bilang isang pasyente, kailangan mong matatanggap ang tamang impormasyon na itinalaga para sa iyo. Mahalaga na makapag-usap ka sa tauhan ng healthcare tungkol sa iyong kalusugan, pagkakasakit at paggagamot.

Ang Batas ng Pag-interpret (2022) ay nagpapahayag na ang mga serbisyo ng publiko ay dapat gagamit ng kwalipikadong mga interpreter kapag kailangan para sa iyo na makakatanggap ng tamang paggagamot. Ang mga kawani ng healthcare tulad ng mga nars, mga doktor, mga sikologo, atbp. ay dapat siguraduhin na ikaw, bilang isang pasyente, makakakuha ng tulong na kailangan mo.

- Kailangan kang makakatanggap ng impormasyon tungkol sa sarili mong kalusugan at paggamot sa wika na maiintindihan mo
- Maaaring mahirap maiintindihan ang mga salitang pang-medikal at mga ekspresyon. Gayunpaman, maaari mong kailangan ang isang interpreter kahit na ikaw ay makapagsalita ng kaunting wikang Norwegian
- Ang interpreter ay dapat nasa parehong silid habang ikaw at ang kawani na maggagamot, o lumahok sa pamamagitan ng telepono o video

Ang serbisyo ng kalusugan ay dapat kukuha ng isang interpreter

- Ang serbisyo ng kalusugan ay may tungkulin na suriin kung baga kailangan mo ang isang interpreter. Kailangan din nila na kukuha ng isang interpreter. Ang mga serbisyo ng pagpa-interpret ay libre para sa iyo bilang isang pasyente
- Sa isang dentista, ikaw bilang isang adulto ay karaniwan magbayad ng iyong sarili para sa kapwa interpreter at sa paggagamot ng ngipin

Ang kwalipikadong mga interpreter lamang ang magpapakahulugan

- Ang isang kwalipikadong interpreter ay may pormal na kakayahan sa pagpapakahulugan
- Ang pamilya, mga kaibigan o mga kakilala ay hindi maaaring gamitin bilang mga interpreter



Paano mo masusulit ang pinakahigit sa pag-uusap ng isang interpreter?

- Sabihin sa serbisyo ng kalusugan kung aling wika at dyalekto ang gustuhin mong isasalita
- Ipapaalam sa amin kung ikaw ba ay matatas na nagsasalita ng maraming wika
- Ipapaalam sa amin kung ikaw ba ay may natatanging pangangailangan, tulad ng mahirap na pandinig
- Maghanda nang maayos para sa pakikipag-usap. Mangyaring isulat ang anumang mga tanong na gusto mong talakayin
- Ang lahat ng mga tanong ay dapat direktang ipadala sa kawani ng kalusugan, at hindi sa interpreter
- Ipapaalam sa amin kung hindi ka makakaintindi sa interpreter
- Gumamit ng maikling mga pangungusap at magsalita nang malinaw. Para mas madali sa interpreter ang pag-interpret na tama kung ano ang sinasabi
- Bigyang kahulugan ng interpreter ang sinasabi lamang. Hindi maaaring uulitin ng interpreter ang unang nasabi sa pag-uusap
- Huwag mag-atubiling kumuha ng mga tala, upang matandaan mo kung ano ang sinasabi
- Ipapaalam sa amin kung mahirap ang tunog/imahe kapag ang interpreter ay nakikisali sa pamamagitan ng telepono/video

Ano ba ang isang interpreter at ano ang mga tungkulin ng interpreter?

- Kailangan ang interpreter ay magpapakita ng tungkulin ng interpreter sa kapwa mga wika kapag nagsisimula na ang pag-uusap
- Ang interpreter ay walang kinikilingan at niyutral. Ito ay nangangahulugan na ang sariling pag-uugali o opinyon ng interpreter ay hindi makakaimpluwensya sa pagpa-interpret
- Ang interpreter ay may tungkulin na pagkakumpidensyal at ito ay pagkakasalang kriminal na labagin ang tungkulin na pagkakumpidensyal. Ito ay nangangahulugan na hindi maaaring sabihin ng interpreter sa sinuman kung ano ang sinabi sa pag-uusap. Ito ay inilalapat din matapos ang interpreter ay umalis na sa kanyang trabaho
- Ang interpreter ay hindi dapat magbigay sa iyo ng payo o tulongan ka sa pagsagot ng mga tanong. Ang interpreter ay mag-i-interpret lamang, at hindi magsasagawa ng iba pang mga trabaho para sa pasyente o sa tauhan ng healthcare.
- Ang interpreter ay maaaring magtanong o maghiling na baguhin ang parirala mo kung mayroong bagay na hindi naiintindihan ng interpreter.

Mayroon ka bang mga reklamo tungkol sa katotohanan na walang interpreter na ginamit sa serbisyo ng kalusugan? Mayroon ka bang mga tanong tungkol sa iyong karapatan?

Maaari kang makipag-ugnayan sa:

Ang Ombudsman ng Pasyente at User ng county kung saan ka nakatira www.pasientogbrukerombudet.no tel. 40 50 16 00

Ang Ombudsman ng Pagkakapantay-pantay at Diskriminasyon, sa tel. 23 15 73 00 [LDO – homepage](#)

Organisasyon Laban sa Diskriminasyon ng Publiko (OMOD) kontakt@omod.no www.omod.no

Ang Norwegian Awtoridad ng Kalusugan sa county kung saan ka nakatira, [Ang Norwegian Awtoridad ng Kalusugan ay nangangasiwa sa kapakanan ng bata, mga serbisyong panlipunan at kalusugan | Ang Norwegian Awtoridad ng Kalusugan](#), central desk telepono: 21529900

May mga reklamo ka ba tungkol sa kalidad at kwalipikasyon ng interpreter?

Ang mga reklamo ay maaaring ipadala sa institusyon na kung saan ikaw ay naging pasyente, o sa [Pagpapakahulugan sa publikong sektor | IMDi](#), Ang Directorate of Integration and Diversity (IMDi), na kung saan ang awtoridad ng nasyonal na propesyonal sa larangan ng pagpapakahulugan.

Mga batas sa mga karapatan ng mga pasyente at mga tungkulin ng mga tauhan ng healthcare kaugnay sa paggamit ng mga interpreter

Batas sa Mga Karapatan ng Pasyente at User

[Batas sa Mga Karapatan ng Pasyente at User \(Batas sa mga karapatan ng pasyente at user\) – Lovdata](#)

Batas sa Tauhan ng Healthcare

[Batas sa Tauhan ng Pangangalaga sa Kalusugan, atbp. \(Batas sa tauhan ng healthcare\) – Lovdata](#)

Batas ng Pagpa-interpret

[Batas ng Responsibilidad ng Mga Lupon sa Publiko para sa Paggamit ng Mga Tagapagkahulugan, atbp. \(Batas ng Pagpa-interpret\) – Lovdata](#)

Ang polyeto na ito ay makukuha sa ilang bilang ng mga wika at maaaring mai-download mula sa:

www.helsenorge.no at www.helsedirektoratet.no